

# 1

"Kahit kulamin n'yo ako o kaya iharap n'yo sa akin hora mismo si Taylor Swift dahil napapayag n'yo siyang makipag-date sa akin, hindi n'yo ako mapapa-oo sa gusto ninyo."

Mariin at malakas ang boses, sinikap takasan ni Dakila Regalado ang apat na babaeng kumukuyog sa kanya. Kinukumbinsi siya ng mga itong pumayag sa isang panukalang kung pagbibigyan niya ay matatawag siyang baliw. At saka tanga.

"Parang awa mo na, Kuya Ilay," mahigpit na kumapit sa bisig niya ang pasimuno ng kaguluhan—ang kakambal na si Dalisay. Tinatawag siya nitong 'Kuya' dahil nauna siyang ipanganak dito ng anim na minuto.

"Sinabi na kasing tigilan mo na ang kasinghot ng

usok ng fog machine, Isay.” Pinalis niya ang kamay nito para makalayo. “Kurtado na tuloy ‘yang pag-iisip mo.”

“Kuya, please,” susog naman ni Mariles. “Ikaw lang talaga ang makakatulong sa amin. Wala kaming ibang pwedeng takbuhan.”

Hinagod ni Ilay ng tingin ang bawat isa sa mga kaharap—ang kapatid at mga kaibigan nitong bumubuo ng all-girl pop-rock band na *Lovesick Puppies*. May kung anong nakain ang mga ito, sa paniwala niya, na siyang dahilan ng panggugulo sa kanya ng mga dalaga nang umagang iyon.

“I fail to understand paanong ako pa ang pinipilit n’yong gumawa ng kabulastugang ito kaysa pigilan n’yo si Isay na umalis.”

“Dahil sinusuportahan namin siya sa lovelife niya, Kuya,” ani Mariles. “Witness kami kung paano sila magsakripisyo para sa isa’t isa and in this case, may paraan naman para masolusyonan ang problema.”

“Tagasalo ako, ganoon?” Matindi ang inis niya.

“Isang gabi lang ito, Kuya.” Iyong si Cathleen naman ang humirit. “Dalawang set na tig-40 minutes. Kailangan namin ng Isay sa stage dahil iyon ang pinirmahan namin sa kontrata.”

“Talagang gagawa tayo ng mali, ano?” Nag-e-escalate na naman ang galit niya.

“Mali kung mali, at hindi naman namin ipipilit na

tama ito,” nakangiwing amin ni Mariles. “But we are confident you can help us pull this off. Just this once.”

“You know our songs, kahit sinasabi mo na hindi mo type ang pop,” sumingit si Isay. “You can sing like me, you can play my guitar parts. You can actually be me para mailusot ito.”

*‘Yun na nga. Pakshet ‘yan.*

Kambal sila ng kapatid in all aspects maliban sa kanilang... uhm... genitals. Babaeng version niya ito at siya naman ay lalaking version nito. Hindi sila nagkakalayo kahit ng height at build ng katawan lalo at kahit ba maingat siya sa sariling fitness regimen, hindi naman siya obsessed sa pagpapalaki ng muscles. Sa kanilang dalawa, siya pa ang mahilig magpahaba ng buhok samantalang mas gusto parati ni Dalisay na hanggang bandang batok lang ang haba ng buhok nito.

Pareho silang magaling na musician bagaman masaya na siya bilang composer at instrumentalist. Mas nakakahanap naman si Dalisay ng kasiyahan sa pagtapak sa entablado para kumanta at tumugtog.

At nagagawa nga nilang i-impersonate ang isa’t isa.

But that’s only on the premise that they were trying to fool people for fun. Hindi tulad nitong magaganap na *Hearts on Fire Concert* na pakulo ng isang resort sa Puerto Galera bilang Valentine’s Day special offering.

“Kaya natin ito, Kuya Ilay.” It was Alice’s turn. “Ilang

beses n'yo kaming na-good time, kayong kambal? Kami na ito, ah! We've been friends with Isay for a long time, we should know kapag ginagago n'yo kami."

Napangiwi siya sa lengguwahe ng dalaga, pero hayaan na. Hindi naman masamang bata ito. Taklesa lang talaga at madalas na walang habas ang arya ng bibig.

Inihilamos niya ang palad sa mukha. Kung hindi ba naman kasi...

"Hindi ba pwedeng kausapin ko na lang 'yang si Lloyd na..."

"Kuya," minsan pang naglambitin sa kanya ang kapatid, maluha-luha pa ang mga mata nito, "forty-eight years ako naghintay magkaroon kami ni Lloyd ng quality time na mas matagal sa overnight. Alam mo naman na saliya ang libreng oras namin tapos ite-terrorize mo pa."

"Kakausapin ko lang, hindi ko ite-terrorize,"  
Namaywang si Ilay.

"Ikaw?" Idinuro siya nito. "Knowing you, baka tumiklop 'yun kapag kinausap mo."

He snorted. "Puwes, ibig sabihin, hindi mabuti ang intensyon niya sa iyo kung ganoon."

Ilang saglit na napatitig lang ang kausap sa kanya na tila ba hindi niya alam ang sinasabi niya.

"Judgmental ka naman masyado, Kuya." Kumurap ito. "As if hindi mo pa nakilala ever si Lloyd."

"Hindi nga," puno ng kumpiyansa niyang sagot. "Iba

‘yung nakilatis ko siya nang husto para makilala ko nang totohanan kaysa nakasama ko siya at nagkausap kami nang iilang beses pa lang mula nang naging kayo.”

“Alangan namang patirahin ko siya sa apartment mo para magkaigihan kayo, ‘no!” Namilog ang mga mata nito sa pagkakasabi niyon. Kinilabutan naman siya sa mental image ng isang Lloyd Justiniano na nakikitira sa bahay niya. Nakikigamit ng banyo. Nakikitulog sa...

Mabilis niyang pinalis ang imaheng iyon bago pa siya masuka. Hindi naman mahirap ma-distract dahil minsan pang pumailanlang ang pagnguyngoy ng kapatid.

“Kuya Ilay, please,” giit nito. “I love him and he loves me. Kung tama ang kutob ko, he will propose na.”

“Agad?” Siya naman ang namilog ang mga mata. Propose ng kasal? Good Lord! “Last year lang naging seryoso ang relasyon n’yo, hindi ba?”

“So?” Nagkibit ito.

“Oo nga, Kuya.” Pabagsak na naupo sa tabi niya si Alice. “Wala naman sa number of years ‘yan. In this case, sila lang naman ang makakapagsabi kung nasa tamang panahon na sila para mag-level up. At any rate, hindi na virgin ‘yang si Dalisay...”

Naputol ang sinasabi nito nang hampasin ng tinukoy ang bisig nito.

He thought he’d be shocked by the knowledge and he readied himself to get angry or feel scandalized and maybe

launch into a lecture but he told himself to shut it. Who was he to judge, anyway? Hindi naman siya santo. Hindi lalo siya celibate although magtatatlong taon na siyang tigang dahil mula nang makipaghiwalay sa kanya ang girlfriend, wala pa siyang nakarelasyon ulit.

Anyway, this wasn't about him. Dalisay, he reminded himself, was a grown woman. Magtiwala dapat siyang alam na nito ang ginagawa.

Nevertheless, he could not simply shrug this off. "Level up. Ni hindi pa nga yata kilala nina Daddy at Mommy ang boyfriend mo na 'yan."

"For your information, Kuya," umismid ang dalaga, "maraming beses na nakasama ni Lloyd sina Mommy at Daddy. Kasindami ng times na iniimbitahan ka namin sumama, pero tumatanggi ka because you're such a snob."

Ayun na nga. Snob siya. Bakit siya papayag sa pag-i-impersonate sa kapatid samantalang hindi niya feel ang tumapak sa limelight at maging bida?

"Paano kung may makakita sa iyo sa ibang lugar habang nand'on sa gig ang isa pang 'ikaw'? Paano natin ipapaliwanag 'yun? May doppelganger ka?"

"Walang makakakita sa akin, Kuya, dahil we're spending the vacation on his private yacht. Kami lang ang nand'un and a few of helpers. We'll be off the grid."

Umabot yata ng kisame ang angat ng kilay niya. Private yacht talaga?

“Ah, basta,” hinatak ni Ilay ang sarili patayo at lumayo sa mga mala-tuko kung makakapit na mga kababaihan, “ayoko sa sinasabi n’yo. My decision is final. No. Bigyan n’yo ng importansya ‘yang banda n’yo. At sabihin mo diyan kay Lloyd na kakausapin ko siya.”

Iyon lang at nilayasan na niya ang mangiyak-ngiyak na mga ito. Pero good luck sa kanya dahil abut-abot ang dasal niya na huwag ngang tumuloy ang kapatid dahil hindi niya na naman makukuhang humindi sa pagsalo rito kapag nagkataon.



Gusto nang mag-amok ni Beatrice Alvarez dahil sa patung-patong na kamalasang sinasagupa niya.

Nagsimula ang lahat nitong isang araw nang masira ang nag-iisang pares ng stilettos na ginagamit niya para sa trabaho. Makakaya pa sanang ipa-repair iyon pero masyado na siyang magmumukhang dugyot lalo at nasa harap siya ng maraming tao, naisip niyang bumili na lang ng bago. Ilang taon na rin niyang pinakinabangan iyon at oras nang iretiro ang kawawang sapin sa paa.

Aba, malay ba niyang mapapasubo siyang bayaran ang mahigit sa sanlibong pisong halaga ng pares na napili niya? Akala niya kasama sa naka-sale na items ang mga iyon. Nasa counter na siya nang matuklasan niyang new stock pala ang isinukat niya. Kaysa mapahiya lalo at mahaba na rin ang pila sa cashier, sumige na lang siya.

Tuloy, kinapos si Bea sa pambayad ng upa sa kanyang apartment. Mabuti na lang, lingguhan ang pasuweldo sa trabaho. Pinayagan siyang bumawi sa susunod na linggo tatal, parating na ang Valentine's weekend. She hated V-Day happenings at the resto, pero hindi niya maikakaila na kailangan niya iyon. Maraming customers nang mga panahong iyan. Ibig sabihin, mas maraming tips at mas malaki din ang nalilikom sa entrance fees na siyang dagdag na pinagkukunan ng suweldo niya.

But no! Apparently, wala siyang pag-asang makabawi sa untimely expense na iyon dahil tatlong araw na lang ang nalalabi sa operations ng resto-bar na pinagtatrabahuhan niya. Magsasara na iyon at aalis na raw iyong may-ari pa-abroad. Walang kahit anong warning.

Lintek. Sana idinikit na lang niya ng *Mighty Bond* ang sapatos.

Kung bakit kasi nagtitiyaga siya sa paraket-raket doon. Nakatapos naman siya ng BS Math with cum laude honors. Di hamak naman sanang magiging mas maayos ang buhay niya kung pagtuturo ang tatahakin niyang career kahit pa doon na lang siya magpakatanda sa kinalakhang probinsya.

Kaya lang, ultimate dream talaga ni Beatrice ang maging sikat na recording artist. Malayong makapasok siya sa industriya ng musika, lalo ang maging sikat kung sa pagtuturo siya mauwi at kung hindi siya luluwas ng



Maynila.

Siyempre, naroon ang malalaking record labels, pati na ang mga recruitment agencies kung saan pwede siyang mag-apply para maging entertainer sa cruise ship o sa kung anong first class hotel abroad. Nasa siyudad ang mga giant television networks na nagpapa-contest para sa mga tulad niyang may likas na talento sa pagkanta kasama pa ang kalunos-lunos na kalagayang nakakaantig ng damdamin ng mga hurado at manonood.

Nasa Maynila ang katuparan ng mga pangarap niya, pero malamang tumanda at maagnas na si Bea bago siya makarating doon. Her finances were more often than not at rock bottom, allowing her to spend only for the barest of her necessities. Ayaw naman niyang maging tulad ng isang sundalong sumabak sa giyerang walang armas kung makikipagsapalaran siya sa Maynila na walang kahit anong halaga para maipanggastos.

Maghanap ba ng ibang mapapasukan? Babalik pa rin siya sa isyu ng salapi. Paano siya magja-job hunting nang walang naipong pera? Paano niya itatawid ang pang-araw-araw niyang pangangailangan bago siya matanggap sa bagong papasukan, bago pa rin siya tumanggap ng una niyang suweldo? Again, the analogy with the soldier.

“Kainis naman, o!” Papadyak sana siya bago niya naalalang bago ang sapatos at baka masira lang din iyon. Kung sakali, baka pwede pa niya iyong ibenta at nang may

panggastos pa siya.

Marahas na bumuga siya ng hangin at minabuting bumalik na lang sa loob. Magsisimula na rin naman ang set niya.

“Hi, Bea!” Kinawayan siya ng DJ-cum-sound technician nang makita siya nito.

Pinigilan niyang mapangiwi. Hindi siya komportable sa lalaking iyon dahil bukod sa nakakatakot ang karakter nito, mukha at amoy itong hindi naturuan kung ano ang ibig sabihin ng hygiene. Isa pa, naniniwala siyang adik ang kumag. Mahirap maintindihan ang sinasabi nito. Idagdag pa ang glassy look ng mga mata nitong parang walang gustong titigan kundi ang dibdib niya. Sa sobrang asiwa niya rito, ni hindi niya inaalang pangalan nito, much less go near him for a conversation.

*Dapat talaga nag-Music na lang ako, eh, aniya sa isip. ‘Di sana sa school pa lang may namataan na akong prospects. Aanhin ko ang degree sa BS Math? Wala akong balak magturo, lalong wala akong balak mag-master’s degree at ang pinakaimportante, wala akong patience sa mga bagets.*

Mahirap naman kasing ipilit kung ano ang gusto niya sa mga magulang. After all, pinaghirapan ng mga ito ang tuition niya para makatapos siya sa kolehiyo. At hindi naman sa ipinagpapasalamat niya ang pagkawala ng mga ito, but she won’t deny she felt free to do what she wanted

when they died in that fire long ago.

“Sorry talaga, ‘Nay, ‘Tay,” marahan niyang iling.  
“Hindi ho ako teacher material.”

“On stage na, Bea,” that guy slurred.

Ugh! Dapat talaga hindi pinatatabi ang nilalang na iyon sa air conditioning unit. Sumasama ang ihip ng hangin. Literal.

“Salamat,” she mumbled at saka tumapak sa maliit na entablado.

In-adjust niya ang upuang stool, pinihit ang pahina ng kanyang lyric book at saka humawak sa mikropono.

“Magandang gabi po sa inyong lahat,” nakangiting bati niya sa mga naroon. “Si Bea po muli, narito para awitan kayo. Enjoy your dinner, and enjoy the music.”

Siyam na kanta mula sa nakahanda niyang lineup, lima mula sa request ng audience para punuin ang unang oras niya. Labinlimang minuto ang break niya bago siya sumalang muli para sa ikalawa at huling set ng gabing iyon. Kasabay ng pagsasara ng kainan, oras din para makakain siya ng atrasadong hapunan.

As usual, dinadala niya ang kanyang meal allotment sa back room kaysa kainin niya iyon sa isa sa mga mesa sa dining area. Paano ka ba naman gaganahan kumain habang sumisingaw ang amoy ng *Domex* na panlinis ng sahig at mga namantsahang mesa roon?

Tahimik niyang pinagtitiyagaan ang malamig na kanin

at makunat pa sa bubble gum na karne ng tila three-day-old nang bistek Tagalog nang magsimula ang kaguluhan sa kabilang kuwarto.

“P\*\*\*\*ina ka, nasaan ang pera?”

Napamulagat siya sa tindi ng galit sa boses ng nagsalita.

“Boss, pakiusap, sa isang linggo na lang.”

Kumurap si Bea. Si ano iyon. Iyong lalaking mabaho.

Kumalabog ang pader na pumapagitan sa kanya at sa kinaroroonan ng mga ito at napatalon siya. Muntik pa niyang matapon ang kawawa niyang hapunan. Sinundan iyon ng marami pang kalabog kung kaya’t naisip niyang malamang nagkakabugbugan na roon. Sinasabi ng isip niyang magtatakbo na palayo, pero masyado siyang natatakot para kumilos.

“Boss, parang awa n’yo na...”

Sa pagitan ng patung-patong na nanggagalaiting mga boses, malinaw sa pandinig niya ang pakiusap na iyon. Pagkatapos, nagkaputukan. Isa. Dalawa. Tatlo. May mabigat na lumagabog. And then there was silence.

Walang ibang ingay kasunod niyon kundi ang mabigat na paghinga niya, ang pagdagundong ng kanyang puso at ang ugong ng dugo niyang rumaragasa sa kanyang tainga.

Good Lord. Was that a murder she just heard?

Hindi pa gaanong naglililaw ang isip ni Beatrice nang bumalabag pabukas ang pintuan ng back room. Napatda

sa pagpasok ang dalawang malalaking lalaking kapwa naka-asul na uniporme ng *Philippine National Police*.

*Oh, shit.* Lalong lumakas ang kabog ng kanyang dibdib.

“Kanina ka pa nariyan?” Nanlilisik ang mga matang nagtanong ang mas malaki sa dalawa.

“Uhm.” Lumunok siya.

Sasagutin ba niya ito? Or should she make a mad dash for the door a few steps from where she stood?

May isang mahabang mesa na nakapagitan sa kanya at sa mga ito. Hawak niya ang kanyang backpack. Nakapagpalit na rin siya ng jeans at tsinelas na goma kaya hindi siya mahihirapan kumilos kaysa kung naka-dress at heels siya.

Assuming she was agile and quick enough to succeed in getting out, kailangan lang niyang makasigurong tumakbo nang mabilis para makarating sa kanyang tinutuluyan na wala ni isa sa mga katrabaho niya ang nakakaalam. Kung hindi at maabutan siya ng mga ito sa pagtakbo...

No. Ayaw niyang isipin kung anong resulta niyon.

Lintik naman talagang kamalasan, o!

*Dear Lord, bahala na po kayo sa akin,* usal niya.

With lightning speed she didn't know she possessed, isinaboy niya sa direksyon nito ang plato niya ng pagkain. Tinalon niya ang distansya mula sa kinauupuan patungo

sa pintuan at saka tila bala ng tirador siyang nagtatakbo palayo.

Dinig niya ang galit na mga boses at ang mabibilis na yabag ng dalawang pares na mga paang humahabol sa kanya. Ipinagdasal niyang makasakay ng kahit pedicab, pero dahil nga hindi siya maswerte ng ilang oras nang nakakaraan, ang nakuha lang ni Bea ay magtago sa madidilim na eskinita at magpaekis-ekis sa pagitan ng mga taong naglipana pa nang gabing iyon sa kalye ng kabayanan ng Sto. Tomas, Batangas.

Pero baka rin naman hindi siya sobrang malas dahil nakuha niyang makarating nang matiwasay sa kanyang apartment na ilang bloke lang ang layo mula sa pinagtatrabahuan. Without much thought, she grabbed her duffel bag and started stuffing it with the few possessions she had in that small space she lived in.

“Lord, naniniwala akong may plano ka para sa akin kaya nangyari ito,” nanginginig na dasal niya. “Pero habang hinihintay kong maintindihan kung ano ‘yun, aalis na muna ako tatal wala na rin akong pambayad sa apartment na ito. Hindi ko rin alam saan ako magsusumbong at kaysa magkademandahan kami ng landlady ko na baka maging dahilan para humarap ako sa pulis, at bago ako masundan dito at mapatay, tatakas na lang muna ako.

“Pero pangako po, kapag pumayapa ang mga bagay-bagay, babalikan ko ito at magbabayad ako ng utang.

Hindi ko po ito iisiping TY lang. Gipit lang talaga ako ngayon. In more ways than one.”

Pagkatapos ng isang mabilis na sulyap sa paligid, ginamit niyang muli ang liksi at pagkaalerto para makarating sa highway kung saan pumara siya at sumakay sa unang bus na kanyang nakita. Bahala na kung saan siya makarating. Iyong pinakamalayong mararating ng natitira niyang pera. Bahala na rin kung paano niya gagawan ng solusyon ang naranasan niyang pangyayari.

